Ordinansa sa Pinakamababang Pasahod ng Milpitas

Mga Manggagawa - Alamin ang Inyong mga Karapatan

- Simula Hulyo 1, 2021, ang mga empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa dalawang (2) oras o higit pa kada linggo sa Milpitas para sa isang employer na sakop ng ordinansa ay may karapatang mabayaran ng sahod na $15.65 kada oras
- Labag sa batas para sa isang employer na diskriminahin o gumawa ng masamang aksiyon laban sa isang empleyado para sa paggamit ng kanilang karapatan sa ilalim ng Ordinansa
- Ang mga saklaw na empleyado ay may karapatan sa mga ito anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Ano ang gagawin kung hindi ka tumatanggap ng $15.65 kada oras?

Kung naniniwala ka na hindi ka nakakatanggap ng sahod na $15.65 kada oras, makipag-ugnay sa:

Lungsod ng San Jose
200 E Santa Clara Street
5th Floor,
San Jose, CA 95113
(408) 535-8430
Email: mywage@sanjoseca.gov

Hihingan ka ng:

- Pangalan mo, tirahan, numero ng telepono
- Pangalan, address, numero ng telepono ng kumpanyang pinagtatrabahuhan mo
- Pangalan ng manager o may-ari
- Ano'ng uri ng trabaho mo
- Paano at kailan ka binabayaran (halimbawa: cash o cheque, kada linggo)

May karagdagang impormasyon ka na maaari mong ibigay tulad ng mga kopya ng pay stubs, personal na mga talaan ng oras na nagtrabaho o iba pang impormasyon tungkol sa mga paraan sa pagpapasuweldo ng iyong employer ay kapaki-pakinabang. Lahat ng serbisyo ay libre at kumpidensyal. Mangyaring tandaan na ang iyong employer ay hindi ka maaaring tanggalin sa trabaho o sa anumang iba pang paraan na diskriminasyon laban sa iyo dahil sa pagsampa ng isang reklamo sa Lungsod ng Milpitas.